ISSUE NO. 84

WAGAY WAY

Official Newsletter Publication of the City Government of Imus

INFRASTRUCTURE: | Page 2 & 3
New Government Center ng Lungsod ng Imus, Pinasinayaan

SOCIAL SERVICES: | Page 4
YOUth Shall Vote

SOCIAL SERVICES: | Page 5
CICLEDO Barangay Livelihood Skills Training

BUSINESS: | Page 6 & 7
6th Imus City Business Summit

EMPLOYMENT: | Page 8
PESO 3 Days Job Fair

Maliksi, Moderno, at Makabagong Serbisyo: New Government Center ng Lungsod ng Imus, Pinasinayaan

Bagong mukha ng Imus, bagong tahanan ng bawat pamilyang Imuseño.

Pinasinayaan ang bagong Imus City Government Center—kilala rin bilang New Government Center (NGC)—noong ika-25 ng Abril sa pangunguna ni Punong Lungsod Emmanuel Maliksi, kaagapay ang City Tourism and Development Office (CTDO).

Ang pagbubukas ng bagong sentro ng lokal na pamahalaan ang isa sa pinakamalaking legacy projects ng administrasyong Maliksi, na naglalayong mabigyan ng makabago, mas maginhawa, at mas mabilis na serbisyo ang mga Imuseño.

Ayon kay Mayor Maliksi, ito ay kaniyang inaalay sa mga nasasakupan sa pagtatapos ng kaniyang termino bilang ama ng lungsod sa huling 11 taon.

Dagdag pa niya, ang paglipat ng sentro ng pamahalaang lungsod sa Brgy. Malagasang I-G ay may makasaysayang halaga, sapagkat mas malapit na ito sa lugar kung saan naganap ang isa sa mga pinakamakasaysayang labanan para sa kasarinlan ng mga Pilipino: ang Labanan sa Alapan. Ang kaganapang ito ang pangunahing dahilan upang kilalanin ang lungsod bilang Flag Capital of the Philippines.

Ang pagkilalang ito ay nagsilbing inspirasyon naman sa disenyo ng NGC na itinayo sa hugis ng pagwagayway ng Watawat ng Pilipinas.

Bilang panauhing pandangal, nagpahayag ng paghanga si Commissioner Atty. Ryan Alvin Acosta ng Civil Service Commission sa pagiging isang "future-ready building" ng NGC.

Ipinakilala naman ni Engr. Christian Mervin Sarno ang limang palapag na modern, green, at smart building kung saan sakop nito ang 32,871 m2 floor area sa 53,761 m2 na lupain. Tahanan ito ng 72 tanggapan ng gobyerno, kabilang na ang iba't ibang pambansang ahensya.

Mayroon din itong modernong building management system – kung saan mas madaling kontrolin ang ilaw at iba't ibang alarm; electrical, mechanical, at sanitary systems; fire protection system; centralized air-conditioning system; generator sets; at 521 CCTV cameras.

Ipagpatuloy sa Pahina 3

#Imus New Government Center...

Ito rin ay Building for Ecologically Responsive Design Excellence (BERDE) certified – ang sertipikasyon na ibinibigay ng Philippine Green Building Council sa mga gusaling nakakapasa sa building and environmental standards sa bansa – dahil sa pagkakaroon nito ng sewage treatment plant (STP), material recovery facility, rainwater harvesting tank, at solar power system.

Naging bahagi rin ng programa ang unveiling ng marker ng gusali, ribbon-cutting activity, at ang pagbubukas ng isang exhibit na nagsasalaysay ng progresibong kasaysayan ng Imus.

City Treasurer's Office

Office of the City Mayor

City Tourism and Development Office

FAST FACTS!

MODERN

- 5 palapag
- 72 tanggapan ng gobyerno
- 32,871 m 2 floor area – kumpara sa 4,450 m 2 floor area ng dating City Hall
- 53,761 m 2 lot area
- PWD-Friendly Facilities
- Interactive Park
- Central Storage Facility
- Wellness Center
- Low E-Glass at Glass Cladding Installed – upang mabawasan ang pagkabilad mula sa ultraviolet at infrared light

GREEN

- Building for Ecologically Responsive Design Excellence (BERDE) Certified
- Sewerage Treatment Plant (STP) – naglilinis sa wastewater na nagmumula sa NGC
- Material Recovery Facility (MRF) – bahagi ng solid-waste management na ipinapatupad ng Pamahalaang Lungsod
- Rainwater Harvesting Tank – upang makolekta ang tubig ulan para sa karagdagang suplay ng tubig
- Solar Power System kung saan ginagamit ang photovoltaic glass na siyang nagsisilbing solar panel

SMART

- Building Management System – kung saan maaaring makontrol ang ilaw at iba't ibang alarm
- Elevator System
- Electrical System
- Mechanical System
- Sanitary System
- Fire Protection System
- Centralized Air-Conditioning System
- Generator Sets
- 521 CCTV Cameras

YOUth Shall Vote: Isang boto para sa pagbabago, handog ng Imus YAO at LCPC

Ang pagbabago ay nasa kamay ng makabagong henerasyon.

Sa nalalapit na halalan, hinihikayat ng City of Imus Youth Affairs Office (YAO), sa pakikipagtulungan sa City of Imus Local Council for the Protection of Children (LCPC), ang mga kabataang Imuseño na bumoto para sa kinabukasan na nais nila para sa bansang Pilipinas.

Sa temang "YOUth Shall Vote: Isang Boto Para sa Pagbabago," isinagawa ang ika-pitong Imus Social Media Fest (ISMF) noong ika-22 ng Abril, sa Maliksing Kabataan Building, tampok ang ilang kabataan at ang kanilang mga likha kaugnay ng epektibong paggamit ng social media na nagpapaalala sa kapangyarihan at karapatang bumoto ng mga ito.

Nagkaroon din ng isang webinar patungkol sa pagsulong ng pagbabago sa pamamagitan ng pagboto noong ika-8 ng Abril.

Pinangunahan ni Atty. Rowena Ricalde, co-convenor ng We the Youth Vote, ang usapin kaugnay ng "Whys of Voting: Why Should You Vote?" Ibinahagi nito ang mga tungkulin ng mga pangunahing posisyon sa pamahalaan. Sa pamamagitan nito, mas makikilatis ng mga kabataan ang mga kandidato. Dagdag pa niya, malaki ang epekto ng boto ng mga ito sapagkat 50% ng mga botante ay ang kabataan.

Tinalakay naman ni Jearnelle Ruth Audrey Roxas, isang Multimedia Producer ng Rappler, ang "Power of Voting: Your Guide in Assessing Our Next Leaders" kung saan inilahad niya ang mga katangiang dapat pagtuunan ng pansin sa pagpili ng ihahalal.

Pagdating sa proseso ng pagboto sa araw ng eleksyon, isinalaysay ni Election Officer IV Alicia Mojica ng Commission on Elections (COMELEC) Imus ang "Hows of Voting: Your Guide for the Election Day." Dito, ibinahagi niya ang mga importanteng petsa at paraan ng pagboto sa halalan. Nagbigay paalala rin ito sa mahigpit na pagsunod sa ipinapatupad na minimum public health standards upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19.

Samantala, itinanghal sa ISMF ang mga nagwagi na nagpamalas ng kani-kanilang talento sa iba't ibang kategorya ng patimpalak bilang pakikiisa sa pagbabago ng kinabukasan ng bawat Pilipino.

Sa "Imusikabataan sa Halalan," isang jingle making contest, hinirang na kampeon si Janmel Usman. Pinarangalan naman si Barry Emmanuel Alfonso ng 1st placer sa TikTok crash course making contest na "TuTok sa Eleksyon."

Pagdating naman sa short silent film making contest na "Sinemuseño para sa Mayo," nakatanggap ng pinakamataas na pagkilala at ng People's Choice Award si Antonio Santos Jr. buhat ng kaniyang malikhaing sagot sa katanungan na: "Hanggang saan aabot ang boto mo?" Umani rin ng pagkakakilanlan si John Frederick Versoto matapos magwagi sa "I-TikTok Mo para sa Pagbabago" TikTok dance challenge at "Guhitroniko" digital arts making contest.

Kabataan, ipakita ang iyong kakayahang ihalal ang nararapat. Bumoto nang tama para sa bayan.

Daan-daang Imuseño, nakibuklod sa barangay livelihood skills training ng CICLEDO

Sa paglunsad ng City of Imus Cooperative Livelihood and Entrepreneurial Development Office (CICLEDO) sa serye ng Barangay Livelihood Skills Training nitong Abril, nakiisa ang 600 Imuseñong nais madagdagan ang kanilang kaalaman pagdating sa iba't ibang kasanayan sa paghahanapbuhay. Isinagawa ang livelihood skills training sa mga araw ng 8, 12, 18, 22, 26, at 29 sa mga barangay ng Espeleta I, Tanzang Luma VI, Alapan I-B, Palico I, Carsadang Bago I, at Malagasang II-A.

Dito, itinuro ang pamamaraan ng paghahanda ng mga pagkain tulad ng atchara, tinapay, pastry, pastillas, takoyaki, dimsum, ice cream at ice scramble, meat processing ng tapa, tocino, longganisa, beef fried tacos, at Filipino native delicacies. Mayroon ding pagsasanay sa paggawa ng mga powder soap, pabango, fabric conditioner at dishwashing; at kung paano gawin ang iba't ibang recipe ng kape para sa mga nais maging barista.

Bahagi rin ng programa ang talakayan pagdating sa pagtatayo at pagpapatakbo ng mga online business o ang makabagong pamamaraan ng pagnenegosyo.

Sa pamamagitan ng mga kasanayan na ito, nabibigyan ng pagkakataon ang mamamayan na magkaroon ng bago o karagdagang mapagkukunan ng kita.

Isa ang Barangay Livelihood Skills Training sa mga programa ng Pamahalaang Lungsod, sa pamumuno ni Mayor Emmanuel Maliksi, na nagbibigay oportunidad na maitaas ang antas ng pamumuhay ng bawat pamilyang Imuseño.

6th Imus City Business Summit: Lifting Visionaries towards an Innovative Future

Idinaos muli sa Lungsod ang Imus City Business Summit para sa ika-anim na taon nito, sa pangunguna ng Imus Local Economic Development and Investment Promotions Office (LEDIPO), at kaagapay ang PLDT-Smart, Lalamove, at PayMaya, noong ika-29 ng Abril sa pamamagitan ng online platforms na Zoom at Facebook.

Sang-ayon sa temang "Lifting Visionaries towards an Innovative Future" ng programa, ibinahagi ni Mr. Anthony Pangilinan, isang tanyag na negosyante at personalidad, ang kaniyang positibong pananaw at kaalaman pagdating sa pagnenegosyo.

Ayon kay Mr. Pangilinan, mayroong tatlong hakbang na malaki ang magiging tulong sa mga negosyante at mga nais mag-negosyo. Ito ang "Vision to Reality, ABFx3" formula. Dito, nakapaloob ang tatlong ABF: Accept the Brutal Facts, Anticipate a Brighter Future, at Act with Bold Faith.

Aniya, sa pamamagitan ng pagtanggap sa mga katotohanan sa pagnenegosyo, natutukoy agad ang mga pagsubok na maaaring makaharap, at nagkakaroon ang negosyante ng oportunidad para mas maagang makapaghanda sa mga ito. Dagdag pa ng panauhing tagapagsalita, sa bawat negatibong pangyayari ay mayroong kaakibat na positibong resulta. Kaya't hindi hadlang ang mga kabiguan sa pagpapatuloy ng mga nasimulan.

Pagdating naman sa usapin na Anticipate a Brighter Future, nagpaalala si Mr. Pangilinan na huwag hayaang balutin ng mga negatibong saloobin ang mga negosyante sapagkat hindi ito makakatulong sa pagpapaunlad ng kanilang mga kabuhayan. Kaniya ring binigyang-diin ang kahalagahan ng pagkontrol sa mga saloobin sa kabila ng mga hindi kaaya-ayang karanasan sa pagnenegosyo.

Ipagpatuloy sa Pahina 7

EDITORIAL BOARD

Editor-in-Chief:
Edgardo D. Saquilayan, Jr.

Head Writer:
Francesca Mandac

Art Director:
Elai Lardizabal **Ron Diaz**

Researcher:
Jackielyn Cadimas

Photo Credits:
City Information Office
CTDO

CITY INFORMATION OFFICE
2nd floor, New Government Center,
Imus Boulevard, Malagasang I-G,
City of Imus, Cavite
Tel. # (046) 418-2657

#Imus City Business Summit...

At upang maisakatuparan ang tagumpay na hinahangad, kinakailangang pumusta, gumalaw, at magdesisyon sa kabila ng kawalan ng katiyakan sa mundo ng pagnenegosyo.

Sa pagtatapos sa kaniyang talakayan, may payo rin si Mr. Pangilinan tungkol sa pagkakaroon ng online presence ng mga negosyo: ito man ay hindi tiyak na hakbang sa tagumpay sa negosyo, malaking tulong ito sa pag-promote ng mga mahuhusay na produkto at serbisyo.

Bilang isa sa mga binigyan ng pagkilala sa 2021 Most Business-Friendly Local Government Unit Awards, patuloy na hinihikayat ni Mayor Emmanuel Maliksi ang mga negosyanteng Imuseño na makiisa sa mga inisyatibo at programang pangkabuhayan ng Pamahalaang Lungsod ng Imus.

6th IMUS CITY BUSINESS SUMMIT

CITY GOVERNMENT OF IMUS
LOCAL ECONOMIC DEVELOPMENT AND INVESTMENT PROMOTIONS OFFICE

awards this

CERTIFICATE OF APPRECIATION

to

Mr. Anthony Pangilinan

RESOURCE SPEAKER

In recognition and sincere appreciation of his remarkable presence as a resource speaker and for imparting his valuable knowledge and expertise, bestowing insights and inspirations to business leaders.

Given this 29th day of April in the year of our Lord, Two Thousand and Twenty-Two during the

6th IMUS CITY BUSINESS SUMMIT

MARX NICHOLAI C. DELMO
DEPARTMENT HEAD

HON. EMMANUEL L. MALIKSI
CITY MAYOR

220 Hired On-The-Spot! Mula sa PESO Job Fair

Sa pangunguna ng Public Employment Services Office (PESO) Imus, 220 sa 321 kabuuang bilang ng mga aplikante ang kwalipikado o natanggap agad sa trabaho sa isinagawang tatlong araw na job fair mula ika-20 hanggang 22 ng Abril sa SM Center Imus at mga barangay Medicion II-C at Malagasang I-E.

Katuwang ang 34 na kompanya, ang naganap na job fair ay nakapagbigay ng karagdagang mga oportunidad sa mga Imuseñong nangangailangan ng trabaho.

Hindi na rin kinailangang magdala ng iba't ibang dokumento ang mga aplikante sapagkat resume at vaccination card lamang ang ipapakita para makibuklod sa job fair.

Nagbabalik din ang Special Program for Employment of Students (SPES) na muling tumanggap ng mga Imuseñong kasalukuyang nag-aaral at mga out-of-school youth noong ika-4 ng Abril. Dito, binibigyang pagkakataon ang mga computer literate o may kaalaman sa paggamit ng kompyuter na magkaroon ng karagdagang mapagkakakitaan pagsapit ng bakasyon.

Nananatili pa rin sa 6.4% ang unemployment rate sa bansa o humigit-kumulang 3.13 milyong Pilipino ang walang trabaho ayon sa tala ng Philippine Statistics Authority (PSA) Pebrero ngayong taon. Wala itong ipinagkaiba sa datos na kanilang inilabas sa pagsisimula ng taon.

Patuloy ang Pamahalaang Lungsod ng Imus, sa pangunguna ni Mayor Emmanuel Maliksi, sa pagsasagawa ng mga programang pang-hanapbuhay upang maitaas ang antas ng pamumuhay ng mamamayang Imuseño at Pilipino.